



COVID-19

HAWAII STATE DEPARTMENT OF HEALTH

ANO ANG GAGAWIN KUNG IKAW AY NA-TEST PARA SA COVID-19

NA-TEST DAHIL SA MGA SINTOMAS NG COVID-19 (ALINMAN SA GANAP NANG NABAKUNAHAN¹ O HINDI NABAKUNAHAN)

- Manatili sa bahay maliban kung naghahanap ng pangangalagang medikal.
- Lumayo sa iba, lalo na sa mga taong nasa mataas ang peligrong magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19.
- Kung dapat ay nasa paligid ka ng iba, magsuot ng mask.
- Kung ang iyong test ay **POSITIBO**, tingnan ang “Isolation” sa [Patnubay sa Pananatili sa Bahay at Quarantine](#).
- Kung ang iyong test ay **NEGATIBO**, manatili sa bahay hanggang wala ka nang lagnat sa loob ng 24 na oras na hindi gumagamit ng mga gamot sa lagnat **at** walang sintomas.

NA-TEST DAHIL SA CLOSE CONTACT NG ISANG TAONG MAY COVID-19 NA IMPEKSYON

- **Ganap na Nabakunahan¹**
 - Kung ikaw ay **walang** sintomas, ikaw ay **hindi** kailangang mag-quarantine.
 - Magpasuri pagkatapos ng 5-7 araw ng iyong huling contact sa taong may COVID-19, **kahit na wala kang sintomas**.
 - Kung ang iyong test ay **POSITIBO**, kaagad na ihiwalay ang sarili at tingnan ang “Isolation” [na mga patnubay](#).
 - I-monitor ang mga sintomas sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng iyong huling contact sa taong may COVID-19.
 - Kung nagkakaroon ka ng mga sintomas ng COVID-19, kaagad na **mag-isolate** at **magpasuri**.
- **Hindi Nabakunahan**
 - Tingnan ang “Quarantine” sa [Patnubay sa Pananatili sa Bahay at Quarantine](#).
 - Magpasuri kaagad, **kahit na wala kang sintomas**.
 - Kailangang manatili sa bahay sa loob ng 10 araw² pagkatapos ng huling contact sa taong may COVID-19, **kahit na ikaw ay nag-test na negatibo**.
 - Lumayo sa iba, lalo na sa mga taong nasa mataas ang peligrong magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19.
 - Kung dapat ay nasa paligid ka ng iba, magsuot ng mask.
 - Kung ang iyong test ay **POSITIBO**, tingnan ang “Isolation” sa [Patnubay sa Pananatili sa Bahay at Quarantine](#).
 - **KUNG ANG IYONG TEST AY NEGATIBO:**
 - Kailangang magpatuloy sa quarantine sa loob ng 10 araw.
 - Magpasuri muli pagkatapos ng 5-7 araw ng iyong huling contact sa taong may COVID-19.
 - Kaagad na ihiwalay ang sarili at magpasuri kung nagkakaroon ka ng mga sintomas.
 - I-monitor ang mga sintomas sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng iyong huling contact sa taong may COVID-19.
 - Kung magkakaroon ka ng mga sintomas ng COVID-19, kaagad na **ihiwalay ang sarili** at **magpasuri**.

NAGPA-TEST DAHIL SA MEDIKAL NA KINAKAILANGAN NA MAY KAUGNAYAN SA PAARALAN, TRABAHO, PAGLALAKBAY, NON-COVID-19.

- Ikaw ay **hindi na** dapat i-quarantine kung nag-test ka upang i-satisfy ang isang kinakailangan ng paaralan, trabaho, o paglalakbay, o ikaw ay isinangguni para sa COVID-19 testing sa pamamagitan ng isang healthcare provider (halimbawa, bago ang surgery o isang medical procedure).
- Nalalapat lamang kung ikaw ay **WALANG** sintomas **AT WALANG** close contact sa isang taong may COVID-19.

¹ Ang mga tao ay ganap nang nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dose sa 2-dose na magkakasanod, katulad ng Pfizer-BioNTech o Moderna, o 2 linggo pagkatapos ng isang dose ng bakuna, katulad ng bakunang Janssen ng Johnson & Johnson.

² Ang quarantine ay 14 na araw para sa mga close contact na nakatira o nagtatrabaho sa mga congregate na setting, kasama kung mayroon mang mga miyembro ng sambahayan na nagtatrabaho sa mga congregate na setting (hal. mga correctional facility).